

# **KABANATA I**

## **ANG SULIRANIN AT KALIGIRAN NITO**

### **1. Introduksyon**

Ang pagkakasangkot ng mga kapulisan sa mga ilegal na mga gawain ay unti-unti nang dumarami. Ayon kay Marvell at Moody (2006), ang pag-aaral ukol sa relasyon sa pagitan ng pulis at krimen, tulad ng marami pang ibang *criminological topics*, ay paksa na walang tiyak na direksyon sa pananahilan at kontrol na nakaligtaan. Idinagdag din nila na mayroong magkaibang epekto ang krimen sa bilang ng kapulisan at ang epekto ng pulis sa mga uri ng krimen. Sa naunang nabanggit ay mayroon lamang katamtamang epekto at matibay na epekto naman sa ikalawang nabanggit.

Ayon naman kay Romero (2017) ang mga krimen na kinasangkutan ng PNP ay ang pagpapatay at pagbabayad sa mga hindi kilalang tao upang iutos ang pagpapatay sa mga hindi kilalang taong nasangkot o hinihinalang suspek sa mga krimen na may kaugnay sa iligal na droga. Ito ay para sumunod sa mga utos na nanggaling mismo sa pinakataas-taasang posisyon sa gobyerno.

## **2. Layunin ng Pag-aaral**

Ang pamanahonang-papel na ito ay nagbibigay ng impormasyon hinggil sa mga dahilan at epekto ng pagkakasangkot ng kapulisan sa ilegal na gawain.

- a. Ano ang mga dahilan ng pagkakasangkot ng mga kapulisan sa ilegal na gawain?
- b. Paano nakaka epekto ang pag kakasangkut ng mga kapulisan sa ilegal na gawain sa mga kapwa nitong kapulisan?
- c. Saloobin ng mga ibang kapulisan na hindi sangkot sa ilegal na mga gawain?

## **3. Kahalagahan ng Pag-aaral**

Ang mga mananaliksik ay buong pusong naniniwala na ang pag-aaral na ito ay napakahalaga. Ito ay nag sisilbing payak na kaalaman na maaring magamit ng mga mag-aaral upang mas lalong maunawaan o maintindihan ang iba't ibang mga dahilan at epekto ng pagkakasangkot ng mga kapulisan sa ilegal na gawain.

Mahalaga ang mga datos at impormasyong nakalahad dito dahil napakalaki ng maitutulong hind lamang sa kapulisan pati narin sa mga studyante at mananaliksik na nais magkaroon ng mahalagang impormasyon hinggil sa pagkakasangkot ng mga kapulisan sa mga ilegal na gawain.

Sa pamamagitan ng pananaliksik na ito, maari ring malaman ang mga pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa pagkasangkot ng kapulisan sa mga ilegal na gawain at mga dulot ng isyung ito sa reputasyon ng buong kapulisan.

#### 4. Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa pagsusuri sa pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa pagkakasangkot ng mga kapulisan sa ilegal na gawain. Saklaw nito ang mga mag-aaral ng BP. Pueblos Senior High School.

Nilimitahan ang pag-aaral na ito sa BP. Pueblos Senior High School. sapagkat nakakabahala na ang estado ng kriminalidad sa syudad. Naniniwala ang mga mananaliksik na sa kasalukuyang panahon ay pinakamainam na magkaroon ng pag-aaral na ganito upang lubos na maunawaan ang pananaw ng mag-aaral hinggil sa pagkakasangkot ng mga kapulisan sa ilegal na gawain sapagkat laganap na ang mga krimen na kinakasangkutan ng dumaraming mga kapulisan.

#### 5. Depinasyon at Terminolohiya

Upang mas maging madali at ganap ang pagkaintindi ng mga mambabasa, minarapat ng mga mananaliksik na bigyan ng depinasyon ang mga sumusunod na terminolohiya batay sa kung paano ginagamit ang bawat isa sa pamanahong-papel.

Ang *Criminological Topic*, ay ang pinag-uusapan, pagtatalakay ng isang particular na paksa.

Ang **Dahilan** ay ang sanhi ng mga pangyayari, saloobin, ay tumtukoy sa kalagayan ng pag-iisip at pagkilos bunga ng damdaming naghahari sa isang tao sa isang takdang oras o panahon. Ang saloobin o deriksyonal, sapagkat maaring ito ay positibo o negatibo.

Ang **droga/illegal na gamot** ang pinagbabawal na mga gamot, o mapanganib na mga droga, inaabusong mga droga, inaabusong mga gamot, o mapanganib na gamot ay tumutukoy sa anumang sangkap, hindi kasama ang tubig at pagkain na nakakapagpabago sa takbo ng isip ng tao.

Ang **epekto**, ay kalabasan ng mga gawain na namamalayan natin o hindi.

Ang **illegal na gawain**, ay mga gawain na labag sa batas sa lugar.

Ang **Kontrol**; mamahala, pamahalaan, mamatnugot, patnugutan, mangasiwa, pangasiwaan.

Ang **krimen**, kabuhungan o sala ay isang gawaing pwedeng mapa rusahan ng batas o itinuturing na masamang gawain.

Ang **PNP**, ay alagad ng batas sila ay mga pulis. PNP ang tawag dito sa Pilipinas kasi *Philippine National Police*.

Ang **reputasyon**; puri, kapurihan, dangal, karangalan, mabuting pangalan (reputasyon), kabantugan, kabantugan, katanyagan.

Ang **saloobin**, mga pananaw ng mga tao patungo sa isang bagay.

## KABANATA II

### MGA KAUGNAY NA PAG-AARAL AT LITERATURA

Sa panahon ngayon subrang langanap na ang kriminalidad na kahit mismong kapulisan na dapat sila ang nagpapanatili sa kapayapaan at kaaysan, ay nasasangkot narin sa mga ilegal na gawain.

*Dressed in civilian clothes. The policemen entered an office and planted illegal drugs in the desk drawer of employees. Then a “raiding team” came in.” (Sy at Punay, 2017)*

Dito ay napag-aalaman kung paano naisasagawa ng mga kapulisan ang kanilang mga ilegal na opirasyon. Sa pamamagitan ng pagpapanggap nila bilang isang ordinaryong sibelyang nagagawa nilang magplanta ng ilegal na droga sa mga opisina at kabahayan.

Ayon naman sa GMA news (2017) sa ulat na pinamagatang “*PNP generals* na sangkot daw sa ilegal na droga, pinangalanan na ni Duterte.”, ang mga heneral sa PNP na may kinalaman sa mga operasyong pangdroga ay sina Vicente Loot, Nernardo Diaz, Edgardo Tinio at Joel Pagdilao. Naipapakita sa report na ito na hindi lamang *low-class policemen* ang nasasangkot sa ilegal na gawain, kundi pati narin ang mga nasa mataas na rango na kung tutuusin ay may mas malalaking operasyon.

*Oplan tokhang is also being unused by police and military to target other groupes, individuals and communities who have legitimate demands, “Arago said. (Medenilla, 2016)*

Ipinahayag niya na di-umano'y ginagamit ng mga kapulisan na paraan ang oplan tokhang upang mangharas ng mga tao. Dahil dito ay sinasabing inaabuso nila ang kanilang kapangyarihan bilang miyembro ng kapulisan.

Sa ulat ni Ramos (2016) na "*Cops Wont's Go to Prison*" sa pahayagang Philippine Daily Inquirer. Ang sinabi niya na ideneklara ni pangulong Duterte na ang mga pumatay di-umano kay Albuera Mayor Rolando Espinosa Sr. ay isang araw lamang ang ipinalagi sa kulungan. Sa deklarasyon nito ng pangulo ay tila bang nagpapahiwatig ito sa paghihikayat ng mas marami pang *extra judicial killings* sa kanyang digmaan kontra droga.

Ayon naman kay Avendaño (2016) ay dahil sa pag depensa ng Pangulo sa mga pulis na may kinalaman sa pagpatay kay mayor Rolando Espinosa at iba pang pangyayari na may kaugnayan sa ilegal na droga ay nagiging kumpyansa na ang mga kapulisan na pumapatay.

Bilang kabuuan, ang mga isyung/balita na nabanggit ay batayan para malaman ang dahilan at epekto kung bakit nasasangkot ang mga kapulisan sa mga ilegal na gawain.

### **Kabanata III**

## **DISENYO AT PARAAN NG PANANALIKSIK**

### **1. Disenyo ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay isinasagawa ayon sa disenyo ng pamamaraang deskriptib-analitik na pananaliksik. Tinangkang ilarawan at suriin ng mga mananaliksik sa pag-aaral na ito Ang mga Pananaw ng mga Mag-aaral sa Dahilan at Epekto ng Pagkakasangkot ng mga kapulisan sa Ilegal na Gawain.

### **2. Mga Respondente**

Ang mga piniling respondente sa pag-aaral na ito ay mga mag-aaral ng BP. Pueblos Senior High School.

Ang mga respondente ay mayroong anim na grupo: siyam (9) sa St. Bellarmine , walo (8) sa St. John Paul II , siyam (9) sa St. Joseph , siyam (9) sa St. Bernadeth , walo (8) sa St. Pedro Calungsod at pito (7) sa St. Maria Goretti. Samakatuwid, mayroong pantay na paghati ng mga respondente batay sa kanilang mga pangkat. Gumamit din ang mga mananaliksik ng *random sampling* upang magkaroon ng pantay na representasyon ang bawat grupo pansinin ang kasunod na talahanayan..

## Talahanayan 1

### Distriyubusyon ng mga Respondenteng Mag-aaral sa BP. Pueblos Senior High School

|                | St.<br>Robert<br>Bellarmine | St.<br>John<br>Paul | St.<br>Joseph | St.<br>Bernadeth | St.Pedro<br>Calungsod | St.Maria<br>Goretti | Kabuuan   |
|----------------|-----------------------------|---------------------|---------------|------------------|-----------------------|---------------------|-----------|
|                | 5                           | 4                   | 2             | 6                | 1                     | 2                   | 20        |
|                | 2                           | 3                   | 1             | 2                | 3                     | 3                   | 14        |
|                | 2                           | 1                   | 6             | 1                | 4                     | 2                   | 16        |
| <b>Kabuuan</b> | <b>9</b>                    | <b>8</b>            | <b>9</b>      | <b>9</b>         | <b>8</b>              | <b>7</b>            | <b>50</b> |

Pinili ng mga mananaliksik ang Mag-aaral sa BP. Pueblos Senior High School.

### 3. Instrumentong Pampananaliksik

Ang pag-aaral na ito'y isinagawa sa pamamagitan ng pagsarbey. Ang mga mananaliksik ay naghanda ng sarbey-kwestyoner upang malaman ang Mga Pananaw ng mga Mag-aaral Sa Dahilan at Epekto ng Pagkakasangkot ng mga Kapulisan sa Ilegal na Gawain.



Upang lalong madagdagan ang kaalaman ng mga mananaliksik ay nag-interbyu sila ng isang dalubhasa tungkol sa nasabing paksa ng pamanahong-papel.

Para lalong pagpapabuti ng pag-aaral ay minabuti rin ng mga mananaliksik na mangalap ng impormasyon sa ibat-ibang hanguan sa aklatan tulad ng mga *journal* at pahayagan at iba pa.

#### **4. Tritment ng mga Datos**

Dahil ang pamanahong-papel na ito ay panimulang pag-aaral lamang at hindi isang pangangailangan sa pagtamo ng isang digri, ay walang ginawang pagtatangka upang masuri ang mga datos sa pamamagitan ng mataas at kompleks na istatistika. Tanging pata-*tally* at pagkuha ng porsyento lamang ang kinailangang gawin ng mga mananaliksik.

## KABANATA IV

### PRESENTASYON AT INTERPRETASYON NG MGA DATOS


Natuklasan sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod na datos at impormasyon:

Ipinapakita sa grap 1 ang distribusyon ng mga respondente ayon sa kanilang kasarian.

Sa limampung (50) respondent, tatlumpu't siyam (39) sa kanila ay babae at labing isa (11) naman ay lalaki.

**Grap 1**


#### **Distribusyon ng mga Respondente Ayon sa Kasarian**



Limampu (50) sa limampung (50) respondent ang may edad na 25 pababa

**Grap 2**


**Distribusyon ng mga Respondente Ayon sa Edad**



Sa limampung (50) respondent, labingpito (17) ang naniniwalang pinansyal ang dahilan ng pagkakasangkot ng kapulisan sa ilegal na gawain. Walo (8) ang sumagot na personal. Dalawampu (20) naman ang sumagot na inaabuso ang kapangyarihan bilang pulis. Bukod pa rito mayroong lima (5) ang sumagot na impluwensya ito mula sa ibang tao.

**Grap 3**

**Dahilan ng Pagkakasangkot ng mga Kapulisan sa Ilegal na Gawain**




- A. Financial
- B. Personal
- C. Inaabuso ang kapangyarihan bilang isang pulis
- D. Impluwensya mula sa ibang tao

Ipinakita ng grap 4 na mayroong walong (8) respondent na naniniwalang *frame-up* lamang ang dahilan.. Dalawampu't limang (25) respondente ang naniniwalang pinagbabantaan ang kapulisan kaya sila nadadawit. Mayroon naming labing-tatlo (13) ang naniniwalang ang dahilan ay *recruitment*. At tatlo (3) naman ang may iba pang sagot.

**Grap 4**

**Dahilan ng Pagkakadawit ng Ibang Kapulisan sa mga ilegal na  
Gawain ng Iba**




- A. *Frame-up*
- B. Pinagbabantaan ng mga nasa mataas na posisyon na sangkot sa ilegal na gawain
- C. *Recruitment*
- D. Iba pang sagot

Sa limampung (50) respondente ay mayroong labing-dalawang (12) respondente ang naniniwalang pagkawala sa trabaho ang epekto ng pagkakasangkot ng mga kapulisan sa mga illegal na gawain. Dalawampu't isa naman ang naniniwalang pagkasira ng reputasyon nila ang epekto. Mayroon namang siyam (9) ang naniniwalang pagkadamay ng pamilya ang epekto. Habang walo (8) naman ang sumagot na pagkakakulong ang epekto nito sa kapulisan.

**Grap 5**

**Epekto ng Pagkakasangkot ng mga Kapulisan sa Illegal na mga Gawain**




- A. Pagkawala sa trabaho
- B. Pagkasira ng reputasyon
- C. Pagkadamay ng pamilya
- D. Pagkakakulong

Tungkol naman sa epekto ng pagkakasangkot ng mga kapulisan sa mga illegal na gawain sa PNP bilang kabuuan, mayroong labingtatlo (13) ang naniniwalang nasisira nito ang reputasyon ng PNP. Mayroon namang tatlongpu't apat (34) ang naniniwalang nawawalan ng tiwala ang mga tao sa PNP. Habang may tatlong (3) naniniwalang nakakaapekto ito sa pagkakaroon ng pagbabago sa sistema ng PNP.

**Grap 6**

**Epekto ng Pagkakasangkot ng mga Kapulisan sa mga Illegal naGawain sa PNP  
Bilang Kabuuan**




- A. Pagkakasira ng reputason ng PNP
- B. Nawawalan ng tiwala ang mga tao sa PNP
- C. Pagkakaroon ng pagbabago sa sistema ng PNP

Hinggil sa saloobin ng mga respondente tungkol sa pagkakasangkot ng mga kapulisan sa illegal na Gawain, mayroong labing-pitong (17) responente ang naalarma/nababahala sa pagkakasangkot ng mga pulis sa kriminalidad. May isang (1) nagagalit/napipikon. Mayroon namang dalawang (2) natatakot. Mayroong dalawampu't pitong (27) nawawalan ng tiwala sa mga kapulisan. Habang may tatlo (3) namang nawawalan nan g respeto sa mga kapulisan.

**Grap 7**

**Saloobin tungkol sa Pagkakasangkot ng mga Kapulisan sa Kriminalidad**




- A. Naalarma/Nababahala
- B. Nagagalit/Napipikon
- C. Natatakot
- D. Nawawalan ng tiwala sa kapwa kapulisan
- E. Nawawalan ng respeto



May apat (4) ang naniniwalang makisangkot o maki alam sa mga imbistegasyon ang pwdeng Gawain upang malimitihan ang pagkakasangkot ng pulis sa illegal na Gawain. Mayroon namang labing syam(19) ang naniniwalang iwasan ang mga temptasyon sa paggawa ng illegal. May labing pito (17) naman ang naniniwalang ipa unlad ang sistema ng kapulisan. Habang mayroon namang siyam (9) ang naniniwalang ang pag patay ng mas mabigat na parusa.

**Grap 8**

**Maaring Gawin upang Malimitahan ang Pagkakasangkot  
ng mga Pulis sa Illegal na Gawain**



- A. Makisangkot o maki alam sa imbistegasyon.
- B. Iwasan ang mga temptasyon sa paggawa ng illegal
- C. Ipaunlad ang sistema ng kapulisan
- D. Pagpataw ng mas mabigat na parusa

## **KABANATA V**

### **LAGOM, KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON**

#### **1. Lagom**

Ang pag-aaral na ito ay isang pagtatangkang malaman ang Pananaw ng mga mag aaral sa mga dahilan at epekto ng pagkakasangkot ng mga kapulisan sa illegal na Gawain.

Gamit ang disenyong deskriptib-analitik, ang mga mananaliksik ay nagdisenyo ng sarbey-kwestyoner na pinasagutan sa limanpung (50) respondent, siyam (9) sa St. Robert Bellarmine, walo (8) sa St. John Paul II, siyam (9) sa St. Joseph, siyam (9) sa St. Benadette, walo (8) sa St. Pedro Calungsod at pito (7) sa St. Maria Goretti sa BP. Pueblos Senior High.

#### **2. Konklusyon**

Batay sa mga inilahad na datos, ang mga mananaliksik ay humantong sa mga sumusunod na kongklusyon:

- a. Karamihang sagot sa dahilan ng pag-kakasangkot ng mga kapulisan sa illegal na gawain ay financial.
- b. Karamihang dahilan ng pagkadawit ng ibang kapulisan sa illegal na gawain na ginagawa nag iba ay dahil sa kadahlanang pinagbabantaan ng mga nasa taas na posisyon sa sangkot sa illegal na gawain.
- c. Ang epekto ng pagkakasangkot ng mga kapulisan sa ilegal na gawain sa mga na nasasangkot ditto mismo ay ang pagkasira ng kanilang mga repustayon.
- d. Ang epekto ng pagkakasangkot ng mga ilegal na gawain sa PNP bilang kabuuan ay pagkawala ng tiwala ng mga tao sa PNP.
- e. Ang saloobin ng mga pag-aaral sa pagkasangkot ng mga kapulisan sa kriminalidad ay pagkawala ng kanilang tiwala sa kapulisan.
- f. Ang pwedeng gawin upang malimitahan ang pagkakasangkot ng mga kapulisan sa ilegal na gawain ay iwasan ang temtasyon sa paggawa ng ilegal.

### **3. Rekomendasyon**

Kaugnay ng mga kongklusyon nabanggit, buong-pagpapakumbabang inirerekomenda ng mga mananaliksik ang mga sumusunod:

- a. Para sa mga mag-aaral, nararapat na umiwas ang mga kapulisan sa mga temtasyon upang maiwasan ang pagkakasangkot ng kapulisan sa illegal na gawain.
  
- b. Para sa dekanong kriminolohiya, makakabuti na mas higpitan ng katas-taasang namamahala sa kapulisan ang pagpapatibay ng mga parusa sa mga kapulisan na gumawa ng mga illegal na gawain. Upang matuto sila, at para unti-unting matigil at maiwasan ito ng sagayon ay mabalik ang tiwala ng mga tao sa kapulisan.

## LISTAHAN NG MGA SANGGUNIAN

### BIBLIOGRAPIYA

#### Dyaryo

Avedndeño,C.Duterte. 2016, Disyembre 3. **Defense of Cops Means He was Mastermind of Mayor's slay, says Trillanes.** Philippines Daily Inquirer. Vol.31.No.364.

Medenilla,S. 2016, Disyembre 12.**Tokhang used to harass leftist,says labor group.** MANILA BULLETIN.

Punay,E . 2017, Pebrero 1. **SC issues writ of amparo on 'tokhang'.** THE PHILIPPINES STAR. Vol. XXXI . NO. 189. . pp.1,4.

Ramirez,R.2016, Disyembre 15. **Pasay drugs suspect, 5 years old son shot dead.** THE PHILIPPINES STAR.

Ramos,M. 2016, Disyembre 8. **COPS WONT GO TO JAIL.** PHILIPPINES DAILY INQUIRER. VOL. 31. NO. 364.

Romero,A. 2017, Pebrero 2. **'No reward for drug kills, no stattsanctioned ESK'.** THE PHILIPPINES STAR. VOL XXXI. NO. 190. p. 4

Sy,Marvin at Punay, 2012, Enero 27. **Edu. Lacson video shows. ' tokhang for ransom'.** THE PHILIPPINES STAR. VOL. XXXI NO. 184. . p. 1

Sy,M. **'People of the philippines , your President is a murderer'**. THE  
PHILIPPINES STAR.

### **WEBLIOGRAPIYA**

2016. **PNP Generals nasangkot daw sa ilegal na droga, pinangalanan na ni**

**Duterte**.<http://www.gmanetwork.com/news/story/210626/news/ulatfilipino/>

PNP-generals-nasangkot-daw-sa-ilegal-na-droga-pinangalanan

-na-ni-duterte.

**APENDIKS A**  
**PORMULARYO NG PAGPAPATIBAY NG PAKSA AT PAMAGAT NG**  
**PAG-AARAL**

Marso 3, 2017

**Lupong Pampananaliksik**  
**Departamento ng Filipino**  
**BP. Pueblos Senior High**

Mga Pinagpipitagang Miyembro ng lupon,

Buong paggalang naming ipinasa ang paksa at aming tentatibong pamagat pampananaliksik ng aming pamanahong papel sa Filipino para sa inyong ebalwasyon at pagsang-ayon.

**Larangan:** Batas

**Paksa:** Ilegal na Gawain

**Mungkahing Pamagat:**

Mga Pananaw ng mga Mag-aaral sa Dahilan at Epekto ng Pagkakasangkot ng mga Kapulisan sa Ilegal na Gawain.

Lubos na gumagalang,

Binigyang pansin:

**JESSEL JANE S.PULIDO**

**RYAN V. BALOLOT , MAPF**

Lider ng Pangkat

Propesor

**Pasya ng Lupon:**

\_\_\_\_\_ Tinanggap at sinang-ayunan ang pamagat\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_ Tinanggap at sinang-ayunan ang pamagat\_\_\_\_\_ nang may rebisyon.

\_\_\_\_\_ Iminumungkahing magdesisyon ang ibang pamagat hinggil sa paksang napili.

\_\_\_\_\_ Iminungkahing palitan ang paksa at pamagat sa pag- aaral.

**G. Ryan V. Balolot, MAPF**

Guro

**APENDIKS B****LIHAM SA PAGHINGI NG PAHINTULOT SA PAG-INTERBYU**

Marso 24, 2017

G.LAURENCE P. BAZAR  
Dekano ng Programing Kriminology  
Father Saturnino Urios University  
Lungsod ng Butuan

Kagalang-galang na Dekano,

Maalab na Pagbati!

Kaugnay ng isinusulat naming pamanahong-papel na Filipino 122 tungkol sa mga **Mga Pananaw ng mga Mag-aaral sa Dahilan at Epekto ng Pagkakasankot ng mga Kapulisan sa Ilegal na Gawain**. Nais po sana naming humingi sa inyo ng pahintulot upang kayo ay aming pakapanayam sa petsa, oras at lugar na inyong itatakda.

Lubos po ang aming paniniwala na ang inyong pagkadalubhasa sa nasabing paksa ng aming pag-aaral ay makakatulong sa amin nang lubos tungo sa matagumpay na pagsulat ng aming pamanahong-papel.

Dalangin po namin ang inyong pagpapahintulot sa aming pakiusap.

Lubos na gumagalang,

JESSEL JANE S. PULIDO  
Lider ng pangkat

Binigyang-pansin ,

G. RYAN V. BALOLOT, MAPF  
Guro

## APENDIKS C

### TRANSKRIPSYON NG INTERBYU KAY MR. BAZAN

MARSO 24, 2017

Mga Interbyuwer:

Jessel Jane Pulido  
 Reven Ann Brina  
 John Welter Pomera

**TANONG:** Ano ang dahilan ng pagkakasangkot ng mga kapulisan sa mga ilegal na gawain?

**SAGOT:** Sangkot ang pulis *in terms of protector. Protector, tagler kay some other way they are been paid of doing. Una protection so some gamblers, drug lord syempre gusto sila na ilang business safe so they will ask protection from the police kay ang police are somehow they are person on the authority so once they travel in the part of the Philippines they are safe because they have been protected nobody could harm them because protection and common tagler, protector.*

**TANONG:** Ano ang epekto ng pagkakasangkot ng mga kapulisan sa ilegal na gawain sa PNP bilang kabuuan?

**SAGOT:** Kung ang pulis *living influence to doing illegal things syempre the public could not trust them so wala silay kay kuan man sila police community of election so police part of the Criminal Justice System where in the community where police live barangay kung so naay nahitabo sa barangay so ang police tawagon kay sila man ang personal authorrity to investigate, arrest or everyting so kung na influence sila sa ilegal things so kung public kita will could not trust them kung magreport ka sa ila basin member pud sila sa sindikato so wala nay mahitabo na solution kay ila man takpan or cover the other waste na dili madiin ang suspect kay sila man ang protector example mao na ang Pilipinas makaingon ta na effective ang program sa Pilipinas na those eskalawags will be dili man siguro I- frame kay so we place in the other places they will be assign from Manila , they will be assign in the Basilan to do combat so some of them now are ther because they doing bad things kay ang police once naay problema sa isa ka sitwasyon or sa isa ka lugar thy will be transferred to another so didto napud sila maghimo ug daotan so iretransfer na pud sila. Until the offense will grave enough to suspunse or even dismiss being file by criminal charges*



maong ma-imprison sila pero kung *disloyalty, dishonesty, subordination* na wala pa na *prove* so maong tong iretransfer sila re-assign pero kung *strong evidence is guilt or strong to convict them they will suspense orbe court into jail.*

**TANONG:** Ano ang iyong saloobin, sir sa pagkakasangkot na ito ng mga kapulisan sa ilegal na gawain?

**SAGOT:** *Media one they will report they will not report into one person example police inspector Mercado so involve siya sa ilegal drugs, illegal gambling, ilegal activities, protector pa gyud siya so then other people will order the news or the media will report mga pulis even though they have main suspect inspector Mercado pero ang media lahat ng pulis ay ay protector syempre kung ikaw ang pulis you are doing your job what is legal you will be affected kay nagtarong ko pero ang media ang internet dako kaayo ug influence sa mga tao kay sa mga tao karon pasikat dayon mainfluence ilang trabaho kay they doing good pero other pulis they doing bad things so mao nang syempre maulit pud sila. When they somehow they have kana gyud kana nga pulis doing bad things they will put into jail or patyon nalang nila para dili maka bad influence sa uban pero ang pulis doing their best even General Bato doing their job well or the police and the public will respect ug trust para mabalik ang trust sa pulis kay guba na kaayo ang pulis in terms of ilegal activities sa makaingon pud ko na ang mga tao nagpasalamat pud sa influence sa media like salida ni FPJ makaingon pud ta some other drama pero in some other those mga eskalawags ng mga police by constantly reminding them na there having their output to protect and serve so dili sila pwede ana na organization they have to resign for them to do bad things pero dili muana lang sa police. Ang police kay noble profession man gyud siya so dili sila para sa pulis kung ing-ana ilang trabaho example ikaw kauban sa pulis unya naa mo sa grupo unya ang isa ka tao niadto sa intsik unya miingon ang pulis “tsik Si inspector Mercado namatay wala siya’y panlubong makahatag ba ka ug panlubong “. syempre ang intsik legal man iyang negosyo muhatag dayon in the form of bribery o mu bribe siya in the corn once he will be his business will be investigate so miingon siya “ Ayaw ko ug kuana ni hatag raba ko”. so continuous na siya mukuan kahit known na siya nga gambler, drug lord pero dili siya madakpan sa pulis kay ngano man most of the pulis peo dili man siguro tanan pero they are doing their job naman some of them.*

**APENDIKS D****LIHAM SA PAGHINGI NG PAHINTULOT SA PAGSARBEY**

Marso 24, 2017

DONNA F. ESPUERTA  
BP.Pueblos Senior High School Principal  
Father Saturnino Urios University  
Butuan City

Mahal naming Principal,

Maalab na Pagbati!

Kami po ay isang pangkat ng mga mag-aaral sa BP. Pueblos Senior High na kasalukuyan kumukuha ng asignaturang Filipino 122. Isa po sa mga pangangailangan ng nasabing asignatura ay ang pagsulat ng isang papel-pampananaliksik.

Sa kasalukuyan po, kami ay nag susulat ng isang pamanahonang papel tungkol sa Mga Pananaw ng mga Mag-aaral Sa Dahilan at Epekto ng Pagkakasangkot ng mga Kapulisan sa Ilegal na Gawain.

Kaugnay po nito, nais po naming hingin ang pahintulot ng inyong tanggapan upang kami'y makapamahagi ng sarbey-kwestyoner sa limangpung (50) kapulisan.

Ang mga datos na aming nakalap sa sarbey ay makakatulong po nang lubos sa aming pag-aaral.

Inaasahan po naming ang inyong positibong pagtugon sa aming kahilingan.

Lubos na gumagalang,

JESSEL JANE PULIDO  
Lider ng Pangkat

Binigyang-pansin,

G. RYAN V. BALOLOT,MAPF  
Guro

## APENDIKS E SARBEY-KWESTYONER

Mahal naming Respondente,

Maalab na Pagbati!

Kami po ay mga mag-aaral sa Filipino 122 na kasalukuyan ng isang pamanahonang-papel tungkol sa Mga kaalaman ng mag-aaral sa mga dahilan at Epekto sa Pagkasangkot ng mga Kapulisan sa mga ilegal na Gawain.

Kaugnay nito inihanda namin ang kwestyoner na ito upang makatanggap ng mga datos na kailangan namin sa aming pananaliksik.

Kung gayon, mangyari po lamanang magiging kumpidensyal ang imopormasyon ng inyong mga kasagutan.

Maraming salamat!

-Mga Mananaliksik

Direksyon: Punan ang angkop na impormasyon o datos ang mga kasunod na patlang. Kung may pagpipilian, lagyan ng check ang kahon na tumutugma sa iyong sagot. Isang sagot lamang.

1. Pangalan (opsyunal) : \_\_\_\_\_

2. Kasarian:  Lalaki  Babae

Edad:  25 pababa  25-30  30-35

35-40  40-45  45+

3. Ano ang dahilan ng pagkakasangkot ng mga kapulisan sa ilegal na gawain?

Financial

Personal

Inaabuso ang kapangyarihan bilang isang pulis

Impluwensya mula sa ibang tao

Ibang pang sagot: \_\_\_\_\_

4. Ano ang epekto ng pagkakasangkot ng mga kapulisan sa illegal na gawain sa mga pulis na nasasangkot dito mismo?

- Pagkawala sa trabaho
- Pagkasira ng reputasyon
- Pagkadamay ng pamilya
- Pagkakakulong

Iba pang sagot: \_\_\_\_\_

5. Ano ang epekto ng pagkakasangkot ng mga kapulisan sa illegal na gawain sa mga pulis na inosente?

- Pagkakadamay sa pagkasira ng reputasyon
- Maaring masuspetsyahan o suspek
- Nakakatanggap ng “black mails” o “treats”
- Pinaghihigpitan sila lalo ng mga nasa mataas na posisyon

Iba pang sagot: \_\_\_\_\_

6. Ano ang epekto ng pagkakasangkot ng mga kapulisan sa mga ilegal na gawain sa PNP bilang kabuoan?

- Pagkasira ng reputasyon ng PNA
- Nawawalan ng tiwala ang mga tao sa PNP
- Pagkakaroon ng pagbabago sa sistema ng PNP

Iba pang sagot: \_\_\_\_\_

7. Ano ang iyong saloobin tungkol sa pagkakasangkot ng mga kapulisan sa kriminalidad?

- Naalarma/ Nababahala
- Nagagalit/ Napipikon

- Natatakot
- Nawawalan ng tiwala sa kapwa kapulisan
- Nawawalan ng respeto sa kapwa kapulisan

Iba pang sagot: \_\_\_\_\_

8. Ano ang sa tingin mo ang pwedeng gawin upang malimitahan ang pagkakasangkot ng mga pulis sa ilegal na gawain?

- Makisangkot o makialam sa mga imbistegasyon
- Iwasan ang mga temptasyon sa paggwa ng ilegal
- Ipaunlad ang sestima ng kapulisan
- Pagpataw ng mas mabigat na parusa

Iba pang sagot: \_\_\_\_\_

**APENDIKS F**  
**LIHAM-PAANYAYA SA PANELIST**

Marso 24, 2017

Bb. Ritchel Aguilon  
Guro, BP. Pueblos SHS

Mahal naming Propesor,

Mabunying pagbati!

Kaugnay ng pasalitang presentasyon ng aming grupo ng pamanahong papel namin na may pamagat na Mga Pananaw ng mga Mag-aaral Sa Dahilan at Epekto ng Pagkakasangkot ng mga Kapulisan sa Ilegal na Gawain, ay nais po namin kayong anyayahan upang maging *panelist* na pinaniniwalaan naming makapagbibigay ng mga propesyunal at kapakipakinabang na input tungo sa lalong ikatatagumpay ng aming pananaliksik.

Dalangin po namin ang inyong pagpapaunlak sa aming paanyaya.

Kalakip po nito ang kopya ng aming pamanahong-papel at pormlaryo sa pag-eebalweyt ng pasalitang presentasyon para po sa maaga ninyong paghahanda kung tatanggapin ninyo ang aming paanyaya.

Marami pong salamat at patuloy nawa kayong pagpalain ng Poong Maykapal!

Lubos na gumagalang,

JESSEL JANE S. PULIDO  
Lider ng pangkat

Binigyang-pansin,

G. RYAN V. BALOLOT, MAPF  
Guro

Marso 24, 2017

G. Melvin Bahian  
Guro, BP. Pueblos SHS

Mahal naming Propesor,

Mabunying pagbati!

Kaugnay ng pasalitang presentasyon ng aming grupo ng pamanahong papel namin na may pamagat na Mga Pananaw ng mga Mag-aaral Sa Dahilan at Epekto ng Pagkakasangkot ng mga Kapulisan sa Ilegal na Gawain, ay nais po namin kayong anyayahan upang maging *panelist* na pinaniniwalaan naming makapagbibigay ng mga propesyunal at kapakipakinabang na input tungo sa lalong ikatatagumpay ng aming pananaliksik.

Dalangin po namin ang inyong pagpapaunlak sa aming paanyaya.

Kalakip po nito ang kopya ng aming pamanahong-papel at pormlaryo sa pag-eebalweyt ng pasalitang presentasyon para po sa maaga ninyong paghahanda kung tatanggapin ninyo ang aming paanyaya.

Marami pong salamat at patuloy nawa kayong pagpalain ng Poong Maykapal!

Lubos na gumagalang,

JESSEL JANE S. PULIDO  
Lider ng pangkat

Binigyang-pansin,

G. RYAN V. BALOLOT, MAPF  
Guro

Marso 24, 2017

Gng. Gloria Marisse Gamalo  
Guro, BP. Pueblos SHS

Mahal naming Propesor,

Mabunying pagbati!

Kaugnay ng pasalitang presentasyon ng aming grupo ng pamanahong papel namin na may pamagat na Mga Pananaw ng mga Mag-aaral Sa Dahilan at Epekto ng Pagkakasangkot ng mga Kapulisan sa Ilegal na Gawain, ay nais po namin kayong anyayahan upang maging *panelist* na pinaniniwalaan naming makapagbibigay ng mga propesyunal at kapakipakinabang na input tungo sa lalong ikatatagumpay ng aming pananaliksik.

Dalangin po namin ang inyong pagpapaunlak sa aming paanyaya.

Kalakip po nito ang kopya ng aming pamanahong-papel at pormlaryo sa pag-eebalweyt ng pasalitang presentasyon para po sa maaga ninyong paghahanda kung tatanggapin ninyo ang aming paanyaya.

Marami pong salamat at patuloy nawa kayong pagpalain ng Poong Maykapal!

Lubos na gumagalang,

JESSEL JANE S. PULIDO

Lider ng pangkat

Binigyang-pansin,

G. RYAN V. BALOLOT, MAPF

Guro



**APENDIKS G**  
**PORMULARYO SA PAG-EEBALWEYT NG PAMANAHONG-PAPEL**

Pamagat: \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

Mananaliksik: \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

Taon at Pangkat: \_\_\_\_\_ Semester: \_\_\_\_\_ Taong Akademiko: \_\_\_\_\_

Sistema ng Pagmamarka:

Apat (4) na puntos ang pinakamataas na maaring ibigay sa bwat aytem. Maaring magbigay ng puntos na amy desimal (halimbawa: 1, 7, 2.3, 3.5 ) ayon sa paghuhusga ng ebalweytor. Pagsama-samahin ang mga nakuhang *sub-total* ng puntos upang makuha ang kabuuang marka.

**A. Paksa at Suliranin**

1. Signipikant at napapanahon ba ang paksa ng pananaliksik? \_\_\_\_\_
  2. Sapat ba ang pagtalakay sa introduksyon? \_\_\_\_\_
  3. Malinaw at sapat ba ang saklaw at limitasyon ng paksa upang maalikha ng mga *valid* na paglalahat? \_\_\_\_\_
  4. Maayos at malinaw ba ang pamagat at angkop ba iyon sa paksa ng pag-aaral? \_\_\_\_\_
  5. Malinaw , ispesipik at sapat ba ang tiyak na layunin ng pag-aaral? \_\_\_\_\_
  6. Sapat at mtalino ba ang pagpili sa mga terminong bigyan ng depinisyon at malinaw ba ang pagpapakahulugan sa bawat isang termino? \_\_\_\_\_
- Sub -total:* \_\_\_\_\_

**B. Kaugnay na Pag-aaral at Literatura**

1. Sapat at angkop ba ang pag-aaral at literaturang tinatalakay? \_\_\_\_\_
  2. Sapat ba ang pagtatalakay sa introduksyon? \_\_\_\_\_
  3. Wasto at maayos ba ang dokumentasyon ng mga pag-aaral sa iba pang hanguang ginamit? \_\_\_\_\_
- Sub-total:* \_\_\_\_\_

**C. Disenyo ng Pag-aaral**

1. Angkop ba sa paksa ang pamamaraan / metodong ginamit Sa pananaliksik? \_\_\_\_\_
2. Malinaw ba ang disenyo ng pananaliksik at naaayon ba iyon sa sayantipik na metodo ng pannaliksik? \_\_\_\_\_
3. Sapat at angkop ba ang respondeng napili sa paksa \_\_\_\_\_

- ng pananaliksik? \_\_\_\_\_
4. Malinaw at wasto ba ang disenyo ng instrumentong ginagamit sa pangangalap ng datos? \_\_\_\_\_
- Sub-total:* \_\_\_\_\_

#### **D. Presentasyon**

1. Sapat, *valid* at relayabol ba ang mga datos na nakalap? \_\_\_\_\_
2. Maingat bang nasuri at nalapatan ba ang wastong istatistikal tritment ang mga datos? \_\_\_\_\_
3. Wasto at sapat ba ang naging interpretasyon ng mga datos? \_\_\_\_\_
4. Malinaw, maayos at konsistent ba ang tekstwal at tabular/ Grapikal na presentasyon ng mga datos? \_\_\_\_\_
- Sub-total:* \_\_\_\_\_

#### **E. Lagom, Kongklusyon at Rekomendasyon**

1. Mabisa at sapat ba ang pagkakalagom sa mga datos? \_\_\_\_\_
2. Lohikal at *valid* ba ang mga kongklusyon? ang mga Nakabatay ba iyon sa mga datos na nakalap? \_\_\_\_\_
3. Nasagot ba sa kongklusyon ang mga ispesipikong Katanungan sa layunin ng pag-aaral? \_\_\_\_\_
4. Lohikal, pisibol, praktikal at ateynabol ba ang mga inilahad na rekomendasyon? Makalulutas ba ang mga iyon sa mga Suliraning natukoy sa pag-aaral? \_\_\_\_\_
5. Malinaw, tuwiran at maayos ba ang paglalahad ng mga lagom, kongklusyon at rekomendasyon? \_\_\_\_\_
- Sub-total:* \_\_\_\_\_

#### **E. Mekaniks at Pormat**

1. Wasto ba ang pormat ng bawat bahagi ng pamanahong-papel? Nasunod ba ang mga tuntunin at tagubiling tinalakay sa klase? \_\_\_\_\_
2. Nasunod ba ang mga tuntuning panggramatika sa teksto ng pamanahong-papel? \_\_\_\_\_
3. Sapat at maayos ba ang pagkaka-*proofread* at pagkaka-*edit* ng Pamanahong-papel? \_\_\_\_\_
- Sub-total:* \_\_\_\_\_

Kabuuang/Katumbas na Marka: \_\_\_\_\_

Ebalweytor: \_\_\_\_\_

Petsa: \_\_\_\_\_

**APENDIKS H**  
**PORMULARYO SA PAG-EEBALWEYT NG PASALITANG**  
**PRESENTASYON**

Pamagat: \_\_\_\_\_

Mananaliksik: \_\_\_\_\_

Taon at Pangkat : \_\_\_\_\_ Semestre : \_\_\_\_\_ Taong Akademiko : \_\_\_\_\_

Sistema ng Pagmamarka:

Apat (4) na puntos ang pinakamataas na maaring ibigay sa bawat aytem.  
 Maaring magbigay ng puntos na may desimal (halimbawa: 1.7 2.3 3.5) ayon sa paghuhusga ng ebalweytor . Pagsama-samahin ang mga nakuhang *sub-total* upang makuha ang kabuuang marka.

**A. Maestri**

1. Naipamalas ba ng bawat miyembro ng pangkat ang maestri at kahandaan sa pagtatalakay ng paksang naitakda sa bawat isa ? \_\_\_\_\_
2. Sapat , malinaw at mapanghikayat ba ang pagtatalakay ng bawat isa ? \_\_\_\_\_
3. Sapat at malinaw ba ang mga nailahad na paliwanag at halimbawa ng bawat miyembro? \_\_\_\_\_
4. Wasto, sapat at mapanghikayat ba ang pagsagot ng bawat isa sa mga katanungan ng mga panelist ? \_\_\_\_\_
5. Obhetibo at valid ba ang mga pahayag ng bawat isa Sa mga katanungan ng mga panelist ? \_\_\_\_\_

*Sub-total :* \_\_\_\_\_

**B. Pamamaraan**

1. Lohikal ba ang presentasyon ng boung pangkat ? \_\_\_\_\_
2. Gumamit ba sila ng mga kailangang kagamitang Awdyo-biswal ? \_\_\_\_\_
3. Angkop at epektibo ba ang mga kagamitan ng Pangkat ? \_\_\_\_\_
4. Epektibo at kompetent ba ang pangkat at manipulasyon ng mga kagamitan sa presentasyon ? \_\_\_\_\_
5. Angkop at epektibo ba ang pamamaraan o istratohiyang ginamit ng pangkat ? \_\_\_\_\_

*Sub-total:* \_\_\_\_\_

**C. Artikulasyon**

1. Sapat ba ang lakas ng tinig ng bawat miyembro ng pangkat

- Sa pagsasalita ? \_\_\_\_\_
2. Malinaw at wasto ba ang kanilang bigkas sa mga salita ? \_\_\_\_\_
  3. Angkop at epektibo ba ang kanilang galaw, kumpas at iba pang *non-verbal clues* ? \_\_\_\_\_
  4. Wala ba silang mga nakakadistrak na *mannerism* sa pagsasalita ? \_\_\_\_\_
  5. Wasto at angkop ba sa diwa ng mga pahayagan ang kanilang bilis sa pagsasalita, tono, diin at hinto/ pausing? \_\_\_\_\_
- Sub-total:* \_\_\_\_\_

#### **D. Disiplina**

1. Nagsimula at natapos ba sa takdang oras ang presentasyon ng pangkat ? \_\_\_\_\_
  2. Naging malinaw, matapat at magalang ba sila sa pagsagot ng mga tanong ng panelist ? \_\_\_\_\_
  3. Naipamalas ba nila ang pagkakaisa at kooperasyon sa presentasyon ? Hindi ba monopolisado ng isa o ilan ang mga gawain ? \_\_\_\_\_
  4. Naipamalas ba ng bawat isa ang tiwala sa sarili ? \_\_\_\_\_
  5. Angkop ba ang anyo, ayos at kasuotan ng bawat isa ? \_\_\_\_\_
- Sub-total :* \_\_\_\_\_
- Kabuuang/Katumbas na Marka : \_\_\_\_\_

#### **Mga Puna at Mungkahi:**

---



---



---



---



---